MGA INFRA PROJECT NG ADMINISTRASYONG MARCOS JR. SUPORTADO NG SOUTH KOREA PAHINA 4

Publiko NEWS PUBLISHING

Impormasyon at Dokumentaryo

VOL.I NO.48 * HULYO 8-14, 2024 * P20.00







# LIMOS SA MGA MANGGAGAWA

PUBLIKO REPORTORIAL TEAM

**BATASAN HILLS, Lungsod Quezon — Mariing binatikos ng alyansang National Wage Coalition (NWC), na binubuo ng Bukluran ng Manggagawang Pilipino (BMP), Kilusang Mayo Uno (KMU), Nagkaisa! Labor Coalition (NAGKAISA!), at Trade Union Congress of the Philippines (TUCP), ang maituturing na palimos na P35 na pagtaas sa sahod ng mga manggagawa sa National Capital Region (NCR).**

Sa opisyal na pahayag, nanawagan ang NWC sa pagbuwag ng Regional Tripartite Wages and Productivity Board (RTWPB)-NCR dahil hindi umano natutugunan nito ang kalagayan ng mga manggagawa at ang huling desisyong pagpapataas ng suweldo ay maituturing na 'barya-barya' lang na hindi kayang sumabay sa sinasabing cost-of-living sanhi ng kaliwa't kanang pagtaas ng mga pangunahing bilihin. *(sundan sa pahina 2)*




**KAPIHAN SA MANILA HOTEL (HULYO 3, 2024).** Nagtanong ng kanila opinion si dating senador Joey Lina ukol sa maaaring maging mga alyansa ng mga partido para sa midterm elections sa susunod na taon mula kina senador Aquilino Martin 'Koko' Pimentel III at Albay District I representative Edcel Lagman, na nagsabing isinusulong ng niyang magkaroon ng international summit para magapusapan ang usapin sa West Philippine Sea. ***(Larawan ni Tracy Cabrera)***

# 17 EX-GOCC, NGO EXEC GUILTY SA PORK SCAM



**DILIMAN, Lungsod Quezon — Hinatulan ng Sandiganbayan sa graft and malversation of public funds ang 15 dating opisyal na binuwag nang mga government-owned and -controlled corporation (GOCC) na umaktong mga implementing agency ng pamahalaan at gayun din ang dalawang miyembro ng mga non-government organization (NGO) na nagging mga project partner na sangkot sa mga bogus livelihood project na sinasabing pinondohan mula sa pork barrel ni dating Misamis Occidental representative Marina Clarete, na sa ngayo'y nagtatago.** *(sundan sa pahina 3)*

## KAILANGAN NANG MADALIIN ANG MODERNISASYON NG AFP

PAHINA 2

## TULUY-TULOY NA ALAGANG MALAPITAN

PAHINA 2

## MABILIS ANG PAG-UNLAD SA HENERAL TRIAS

PAHINA 3

Ang pahayagang ito ay tumatanggap ng mga Pampublikong Anunsiyo, maari lamang mag-email sa publiko.news@gmail.com

EDITORIAL

# TORTURE

**MAKIKITA sa mga video mula sa mga sinalakay na Philippine Offshore Gaming Operator (POGO) hub sa Porac, Pampanga at Bamban, Tarlac ang nakakagimbal na eksena ng torture: sa isa, isang nakahubad at nakaposas na lalaki ang kinukuryente.**

Sa pagkaka-recover ng mga tauhan ng Presidential Anti-Organized Crime Commission sa mga video, sinabi ng mga awtoridad na mga POGO worker ang pinapahirapan dahil sa mga kasalanan ng mga ito mula sa pagkabigong magbayad ng kanilang utang hanggang sa hindi pagsunod sa mgainutos sa kanilang tungkulin.

Hindi ito ang unang kaso ng physical abuse na nagaganap sa mga POGO. Ang totoo'y sa simula pa lang na nilunsad ang offshore gaming operations noong panahon ng administrasyong Duterte ay nagpatung-patong na ang mga ulat ukol sa iba't ibang krimen at iligal na aktibidad na kinasasangkutan ng mga POGO. Hindi nga lang pinansin gaano ito dahil halos lahat g kaso ay Intsik sa Intsik napagto-torture.

Nilinaw ng PAOCC na ang mga kaso ng pagpapahirap ay kinunan ng video footage dahil ipinapadala ang mga ito sa mga pamilya o kamaganakan ng mga biktima bilang bahagi ng parusang ipinataw sa kanila.relatives overseas either for ransom or as part of the victims' punishment. Earlier this Ang nasabing mga heinous crime na kinasasangkutan ng mga POGO ay bahagi lamang ng usapin tungkol sa iligal na pagpasok ng mga Chinese national sa ating bansa bilang mga turista at humahantong bilang mga trabahante sa POGO.

Iniimbestigahan ngayon ng Senado kung may posibilidad na ginamit ang 'dirty money' mula sa mga POGOang ilang mga election campaign, na nagbigay daanpara sa katulad ni Alice Guo na mahalal bilang alkalde ng bayan ng Bmban. Napansin din ng mga senador na hindi nagbabayad ng tamang buwis ang mga POGO na dapat sana'y nakaragdag sa ating revenue collection na pinopondo para sa mga proyekto ng ating pamahalaan.

# KAILANGAN NANG MADALIIN ANG MODERNISASYON NG AFP

**KAMPO AGUINALDO, Lungsod Quezon — Batay sa pag-aaral na isinagawa ng OCTA Research, mahigit sa 70 porsyento ng mga Pilipino ang nagnanais nag awing prayoridad ng ating pamahalaan ang aksyon laban sa mga banta sa ating teritoryo at soberenidad—partikular na laban sa mga Intsik.**

Gayun man, upang magawa ito, pinunto ni Armed Forces of the Philippines (AFP) chief Lieutenant General Romeo Brawner Jr. na kailangan munang i-update ng ating militar ang radar at surveillance systems nito sa ilalim ng Horizon III phase ng AFP Modernization Program.

Ayon kay Brawner, sa ilalim ng Horizon III at dahil na rin sa Comprehensive Archipelagic Defense Concept (CADC), kailangan nang ipakita na mayroon tayong maayos na depensa para maprotektahan an gating nasasakupan.

Layunin ng CADC na paigtingin ang kakayahan nating mapangalagaan an gating teritoryo at exclusive economic zone (EEZ), dangang nga lang ay kailangan pang makumpleto ang ilang mga item at programa sa ilalim ng Horizon I at II.

Sa kasalukuyan, dagdag ng AFP chief, nagpapatuloy umano ang procurement, training, at pagsasaayos ng mga pasilidad subalit kailangan nang mapabilis ito dahil sa huling mga kaganapan ay nagiging agresibo na ang People's Liberation Army Navy (PLAN) at China Coast Guard (CCG) sa panghihimasok sa ating teritoryo kaya nalalagay sa panganib ang ating mga sundalo at mangingisda.

Noong Mayo ng nakaraang taon, inapila ng National Security Council (NSC) sa Senado at Kamara de Representyante na suportahan ang modernisasyon ng ating Sandatahang Lakas at ngayong taon ay hinayag ni defense secretary Gilberto Teodoro Jr. na inaprubahan ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. ang mga revision sa Horizon III. ***(Karin Ceara Cabrera-Sakai)***




# TULUY-TULOY NA ALAGANG MALAPITAN

GRACE PARK, Lungsod Kalookan — Bilang bahagi ng pangangalaga sa kanyang mga kababayang may kapansanan, lalo na sa mga children with disabilities (CWD) o kabataang may disabilidad, namamahagi si Caloocan City mayor Dale Gonzalo 'Along' Malapitan ng munting regalo simula nang manungkulan siya bilang alkalde ng lungsod.



Ang gawaing ito ay minana niya pa sa kanyang amang si dating mayor at kasalukuyang kinatawan ng Unang Distrito ng Kalookan na si Oscar 'Oca' Malapitan.

Taun-taon, sa mahabang panahon ng panunungkulan ng ama ni Along na nagsimula noong 2013, namamahagi ng mga tulong at handog ang pamahalaang lungsod bilang bahagi ng programang 'Tao ang Una', na siya ring Partido ng mag-ama.

Kasunod nito, nanawagan ang batang Malapitan sa lahat ng mga person with disability o PWDs, na edad 18-anyos pababa, na hindi pa nakakatanggap ng kanilang gift bag, na maaaring makipag-ugnayan sa Persons with Disability Affairs Office (PDAO) ng Kalookan upang matanggap nila ang kanilang mga regalo at ayuda.

Maaari silang tumawag sa mga sumusunod na numero:

0991-111-7326 para sa mobile phone number at (8)2-888-8211 local 2269 para sa landline.

Ayon dito, ang tapat na paglilingkod sa kanyang nasasakupan ay tunay na isinapuso nila ng kanyang ama dahil nais niyang mapakinabangan ng publiko at mamamayan ang tapat na serbisyo mula sa kanilang lokal na pamahalaan.

"Para sa inyo po ito, mga Batang Kankaloo," hayag ng batambatang alkalde.

Samantala, inanunsyo rin ni Malapitan ang schedule ng ating Batang Kankaloo Sports Camp sa South Caloocan. Ang basketball para sa mga edad anim hanggang 11 taong gulang ay nakatakda sa Systems Plus Computer College sa may 10th Avenue sa Hunyo 25 hanggang 29, 2024 sa pagitan ng alas-7:00 at alas-10:00 ng umaga habang ang tennis naman para sa edad 12 hanggang 18 anyos ay isasagawa sa Plaza Rizal sa A. Mabini Street sa Hunyo 22, 24, 26, 28 at 29 simula rin ng alas-7:00 hanggang alas-10:00 ng umaga.

"Libre po ito para sa mga Batang Kankaloo! Enjoy!" habilin ng alkalde. ***(Heidi Nicodemus)***

# WATTAH-WATTAH SA SAN JUAN

*When you have no basis for an argument, abuse the plaintiff.*

**— Roman philosopher Marcus Tullius Cicero**

MAYPAJO, Lungsod Kalookan – Marami ang nainis sa inasal isang taga-San Juan sa nangyaring basaan sa Wattah Wattah festival ng nasabing lungsod dahil sa dami ng mga naperwisyo.

Ayon sa ilan nga sa mga nabuwisit sa kaganapa, maituturing daw umano na masahol pa sa Chinese Coast Guard (CCG) ang ginawa ng isang buraot na naglabas pa ng kanyang dila matapos ang rider na kanyang binasa sa kabila ng pakiusap nitong huwag na siyang basain dahil nasa trabaho siya at magde-deliver ng order ng isa niyang ksotumer.

Talagang marami ang nakaramdam ng matinding gigil dahil sa inis nang maglabasan ang mga video sa social media kung papaano binasa at 'binomba' ng tubig ang mga walang kalaban-labang dumaraan sa San Juan.

Para nga raw Chinese Coast Guard (CCG) na mga abusadong bully ang mga taga-San Juan kahit nakiusap ang mga biktima na huwag na silang basain. Ang iba kasi, papasok ng trabaho, eskuwelahan o magde-deliver kaya ayaw mabasa.

Talagang mas masahol daw sa CCG ang mga buraot na nambasa sa San Juan dahil mismong kababayan nilang Pinoy ang kanilang hindi pinakinggan at binasa pa rin—ang iba nga, literal na binomba ng tubig gamit ang mga hose na pangpamatay sunog.

Makikita sa ilang viral video na may pampasaherong jeep ang dumaan at itinaas ng mga tao sa kalye ang takip nito o trapal ay saka binomba ng hose. Sa isa pang video, may pasahero nagharang ng payong sa likod ng jeep para hindi sila basahin. Pero hinatak ang payong at nawasak at binuhusan ng katakot-takot ng tubig ang mga tao sa loob na may bata pa at mga papasok sa trabaho.

Dangan nga lang ay inabsuwelto ni San Juan mayor Francis Zamora ang mga nambasa dahil hindi raw ipinagbabawal sa ordinansa nila ang mangdila habang nambabasa.

Dapat din daw may magreklamo muna. Ang ibig bang sabihin, absuwelto na lahat ng pasaway na nambasa kung walang nagreklamo kahit nakita sa video ang nangyaring 'overkill' sa basaan?

Hirit tuloy ng mga bumabaitkos sa pangyayari, kung kukunsintihin ng mga opisyal ng lungsod ang mga hindi magandang inasal ng ibang taga-San Juan sa nakaraan nilang kapistahan, baka raw hindi na lang 'asido' ang bitbitin ng mga taong napeperwisyo ng ipinagmamalaki nilang 'tradisyon' ***(Cip D.C. Cabrera)***

# LIMOS SA...

MULA SA PAHINA 1

Ayon pa sa kowalisyon, ang palimos na pagtaas sa sahod ay nagpapatunay lamang na ang RTWPB ay patuloy na nagpapakita ng "incompetence and disconnection" nito mula sa reyalidad na nararanasan ng mga Pilipinong manggagawa.

"It is far from a proper increase which would enable workers to adjust to needs, yet the amount given is a slap in the face," punto ng NWC.

"While the productivity and worth of our workers' labor has increased over the past 16 years, the real wages we received has stagnated," dagdag pa ng grupo.

Hiniling nito kay Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. na sertipikahan ang P100 Daily Minimum Wage Increase Act, na inaprubahan kamakailan ng Senado, bilang prayoridad, at gayun din ang P150 legislated wage hike.

Sa inanunsyo ng Department of Labor and Employment (DoLE) na wage increase, tumaas ang daily minimum wage sa NCR mula sa P610 sa P645 para sa non-agriculture sector at mula sa P573 sa P608 para sa sektor ng agrikultura at maging sa mga retail establishment na mayroong 15 o mas mababang bilang ng empelyado at manufacturing sector na hindi aabot sa 10 ang trabahante.


Publiko NEWS PUBLISHING

Impormasyon at Dokumentaryo

PUBLIKO NEWS PUBLISHING is a weekly newspaper in general circulation, published evey Monday. This publication is under the management of MARK ANTHONY B. CAIÑA, the Publisher/ Editor-in-Chief.

This publication is duly registered under DTI No. 5190105 (National).

Advertising/ Sales and Editorial Office is located at 109 P. Zamora St., Brgy. 15, District II, Caloocan City, Metro Manila.

# MABILIS ANG PAG-UNLAD SA HENERAL TRIAS



**HENERAL TRIAS, Cavite — Sa nakalipas na mga taon, sadyang umunlad ang Heneral Trias sa Cavite mula sa pagiging isang munisipalidad na may maliit na populasyon patungo sa progresibo't urbanisadong lungsod na sa ngayo'y itinuturing na isa sa most competitive na local government unit (LGU) hindi lang sa lalawigan kundi sa buong bansa.**

Lalo pa nga itong umunlad sa panunungkulan ng alkalde ng lungsod na si Luis 'Joj-Jon' Ferrer IV na siyang nagmpasimula ng maraming pagbabago upang mapabilis ang kaunlaran at mapaangat ang kabuhayan ng kanyang mga nasasakupan.

Sa ngayon ay hindi lamang kilala ang Heneral Trias sa mga produkto nitong agrikultura kundi sumisikat na rin ito sa mga industriyang naitatag sa lungsod.

Ipinangalan ito sa bayani ng lalawigan ng Cavite na si Heneral Mariano Trias at ngayo'y lumago na ito bilang isang first-class component city na kung saan matatagpuan ang mga industriya sa manufacturing, semiconductor at real estate.

Pinagmamalaki din ni Mayor Ferrer na ang kanyang lungsod ay kilala bilang tahanan ng Gateway Business Park, na itinuturing na pangunahing industrial park ng lalawigan ng Cavite. Sa pagkakatatag ng Cavite Economic Zone na bahagi ang Heneral Trias at gayun din ang bayan ng Rosario bilang isa sa pinakamalaking job generator sa lalawigan.

"Bukod sa mga industriya at mga oportunidad sa pagnenegosyo, nakasaksi ang aming lungsod ng pag-umlad bilang isang residential town na dala ng mga investment mula sa mga pribadong kompanya at and socialized housing project ng ating pamahalaan. Pinataas din ng pagdami ng eskuwelahan, ospital, bangko, mall at iba pang mga leisure area ang bilang ng foot traffic kaya po tuluy-tuloy ang pag-unlad ng Heneral Trias," pinagmalaki ng alkalde.

Isa rin ang Heneral Trias na pinaka-business-friendly na lungsod ng Calabarzon (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon) dahil sa mabilis na industrialisasyon at mabilis na urban development na pinatutupad ni Mayor Ferrer.

Kamakailan, nagalak ang alkalde na maging bahagi sa ground breaking ng SM City General Trias na pinaka-moderno at isa sa pinakamalaking mall sa rehiyon. Ayon kay Ferrer, inaasahang magdudulot ang investment na ito ng SM ng marami pang mga trabaho at mga bagong oportunidad sa mga Gentriseño.

Para naman sa kanyang nasasakupan, hinayag nito na taimtim niyang hangarin na makapagbigay kalinga at tulong sa kanyang mga kababayang nangangailangan akay sa nakalipas ay namahagi ang ating pamahalaang lungsod ng medical, financial at burial assistance sa mahigit 1,800 Gentriseños. Tumanggap din ang mga nanay at nagdadalang-tao ng birthing kit mula sa LGU.

"Kaisa n'yo po kami ni Congressman (Antonio) Ony (Ferrer), Vice-Mayor Jonas (Glyn Labuguen) at ang buong Team GenTri. Makakaasa po kayo na patuloy po tayong magpapatupad ng mga nararapat na programa at serbisyo para sa mas ikabubuti ng ating mahal na lungsod," pangako ng alkalde. ***(Tracy Cabrera)***

# PAGTAAS NG MGA KASO NG CYBERCRIME NAKAKABAHALA

**BAGONG BARRIO, Lungsod Kalookan — Nakakaalarma ang mabilis na pagtaas mga kaso ng cybercrime sa ating bansa sa pagkakaulat na umabot na sa 21.8 porsyento ang pagtaas nito sa unang tatlong buwang yugto ng taon kung ihahambing sa parehong panahon ng nakaraang taon.**

Ayon sa Philippine National Police-Anti Cybercrime Group (PNP-ACG), nangunguna sa mga kaso rito ang online selling scam, credit card fraud at investment scam.

Dahil dito, iniutos ni PNP Chief General Rommel Francisco Marbil sa lahat ng opisyal sa bansa na mag-focus sa kaligtasan ng kanilang mga komunidad.

Aniya, paiigtingin nila ang mga checkpoint at patrols habang itutuon naman ng mga cyber cops ang kanilang atensyon sa mga internet crime.

Umapela rin siya sa publiko na ipaalam agad sa kanila ang anumang pang-aabuso ng mga pulis at makipag-ugnayan sa PNP sa pamamagitan ng kanilang PNP Hotline: 117 o 911; Anti-Cybercrime Group: (02) 414-1560; Internal Affairs Service: (02) 723-0401 – 20. ***(Danny Singh)***

# TIWALING PULIS WALANG PUWANG SA KALOOKAN

**GRACE PARK, Lungsod Kalookan — Tiniyak ni Caloocan City police chief Colonel Ruben Lacuesta na hindi na mauulit ang anumang pag-aabuso ng mga pulis sa ilalim ng kanyang panunungkulan at tunay na serbisyo para sa publiko ang kanyang paiiralin.**

Kasunod ito nang paghatol ng lokal na korte sa apat na mga police officer na napatunayang guilty sa reklamong homicide sa pagpatay sa isang ama at ang kanyang anak sa drug buy-bust operation walong taon na ang nakakalipas.

"Walang puwang sa hanay ng Caloocan Police ang anumang anomalya o pagkakasangkot sa krimen dahil sa inatasan ko ang bawat pulis na maging tapat sa kanilang tungkulin na maglingkod at bigyan ng proteksyon ang mamamayan laban sa kriminalidad," pagdidiin ni Lacuesta.

Sa inilabas na ruling ng Branch 121 ng Caloocan Regional Trial Court Branch 121, hinatulan sina Virgilio Cervantes, Arnel De Guzman, Johnston Alacre at Artemio Saguros ng anim hanggang sampung taong pagkabilanggo sa pamamaslang kina Luis Bonifacio at anak nitong si Gabriel Lois noong September 2016.

Inutusan din ng korte ang apat na akusado na magbayad ng tig-₱100,000 para sa actual damages, moral damages, temperate damage at civil indemnity na may interes na anim na porsyento kada taon simula ng petsa ng finality ng desisyon ng korte hanggang sa mabayaran ang kabuuan.

Inisyal na kinasuhan ng murder ang mga respondent subalit ibinaba ito sa homicide sa kautusan Tanggapan ng Ombudsman.

Sa ruling nito, pinunto ng korte na hindi ito nakumbinsi ng defense na unang namaril ang mag-amang biktima kaya napilitang sumagot ng putok ang mga akusado bilang depensa sa kanilang mga sarili. ***(Willie Caliwan)***

# GOV. PINEDA NAGBABALA SA MGA ILIGAL NA POGO

SAN FERNANDO, Pampanga — Nagbabala si Pampanga vice governor Lilia Pineda na hihigpitan ng pamahalaang lalawigan ang pagbabantay ng mga iligal na aktibidad upang matiyak na hindi na mauulit pa ang kahintulad na kaganapan na kung saan walang kalam-alam na may kriminal na aktibidad sa Pampanga.

Kasunod ito ng pagtanggi ng provincial board ng lalawigan sa pagkakaroon ng mga outlet ng Philippine Offshore Gaming Operator (POGO) na nadiskubre matapos ang mga ito sa isinagawang mga pagsalakay ng mga awtoridad sa loob ng Clark at Porac.

"How can we allow it? Not anymore. I'm not sure if the local government units share the same sentiment. But we . . . warn them," ani Pineda.

Ayon sa bise gobernador, na dating Ina ng Pampanga bago naging governor ang kanyang anak na si Dennis Pineda, magsasagawa sila ng mga hakbang upang maparusahan ang mga lokal na opisyal at department head na nagpakita ng sinasabing 'lapses' o pagkukulang sa kanilang pagtupad ng tungkulin ukol sa operasyon ng mga POGO sa kanilang lalawigan.

Bumalangkas ang mga alkalde sa Pampanga ng isang resolusyon na sadyang tumututol sa presensya ng mga POGO sa kanilang lalawigan.

Hinayag ni Gov. Pineda na suportado niya ang eresolusyon na hinanda ng provincial chapter ng League of Municipalities of the Philippines (LMP) na may layuning ipagbawal ang mga kompanya ng POGO sa Pampanga.

Nakasaad sa aaprubahan pang resolusyon ang kolektibong oposisyon ng Pampanga Mayors' League sa operasyon ng POGO sa lalawigan.

**Isa ring Bagai nito** ang panukalang magkaroon ng 'moratorium' sa presensya ng POGO hanggang sa maipatupad na ang pagbabawal dito.

Samantala, sa panayam ng Huli Ka, idiniin ni Ginang Pineda na ang Philippine Amusement and Gaming Corporation, o PAGCor, ang nag-aatas sa mga municipal o city government—at hindi ang pamahalaang lalawigan—ang naglalabs na letter of no objection (LoNO) sa mga kompanya ng POGO na nagnanais makapag-operate sa lalawigan.

Sa kaso ng Lucky South 99 Outsourcing, na sinalakay sa Porac ng Presidential Anti-Organized Crime Commission (PAOCC) noong Hunyo 4 at 5, ginamit ng kompanya ang LoNO para sa business process outsourcing activities noong 2019 at 2020 upang makakuha sila ng mga business permit sa nasabing bayan.

Isinagawa ang raid sa Lucky South 99 batay sa warrant na inilabas ni Malolos Regional Trial Court Branch 14 Judge Maria Belinda Rama na nagsasabing mayroong sexual trafficking ng mga dayuhan babae at torture din ng mga kalalakihang dayuhan sa loob ng POGO hub.

Nagresulta ang operasyon ng PAOCC sa pagkakasagip ng 190 indibiduwal na biktima ng iligal na operasyon ng Lucky South 99 subalit nakatakas naman ang mga opisyal at tagapangasiwa ng nasabing kompanya dahil mayroon umanong nag-tip ukol sa planong raid. **(JT Leonardo C. Santos)**

# HALAGA NG PAG-IDLIP



**ANG pag-idlip sa araw ay sinaunang kaugalian na isinasagawa sa iba't ibang panig ng mundo.**

Habang ang pag-idlip, lalo na sa panahon ng siesta, ay itinuturing na luho ng iba, may roon din naming ang pannaw ditto ay paraan upang mapaigting ang pagiging alerto at kalusugan. Dangan nga lang ay may negatibo at positibo din itong aspeto, batay sa pag-aaral ng mga eksperto.

Bilang orofacial pain specialist, isang duktor ang nagsabing mayroon siyang malawak na edukasyon ukol sa sleep medicine at kung paano ito nakakatulong sa kalusugan ng isang indibiduwal dahil may kaugnayan ito pagitan ng pagtulog at mga kondisyong tulad ng pananakit ng ulo at katawan. Dito napagaralan niya ang ukol sa iba't ibang aspeto ng pagtulog, particular na ang mga sleep breathing disorder, insomnia at maging mga sleep-related movement disorder.

Kaugnay nito, dapat malaman ang tungkol sa complex nature ng pag-idlip at kung bakit ito—yaong maikling pagtulog na umaabot sa 20 hanggang 30 minuto—ay maaaring may benepisyo sa maraming paraan.

Lumitaw ito sa maraming pagsusuri at napagalamang nakakapagpalakas ito ng mental functioning at memorya at nakakapagpaganda rin sa pagiging alerto habang nakakapagtuon ng tamang atensyon at reaction time.

Ito rin ay inuugnay sa pinataas na increased produktibidad at pagkamalikhain dahil sa pagpapalawig ng creative thinking kaya nga may mga kompanya na sadyang nagpatayo ng mga napping room sa kanilang mga workplace.

Bukod dito, napagalaman ding ginagamit ng ating utak ang pag-idlip sa pagproseso ng impormasyon na nakalap sa buong araw, na nagreresulta rin sa mas mainam na abilidad sa problem-solving. ***(Noel Lontoc)***

# 17 EX-GOCC,...

MULA SA PAHINA 1

Napatunayang guilty Third Division ng Sandiganbayan ang limang dating ehekutibo ng National Agribusiness Corporation (Nabcor) na sina ex-vice president for administration and finance Rhodora Mendoza, na hinatulan ng 175 taong pagkabilanggo; human resource supervisor Encarnita Munsod (108 taon); general services supervisor Victor Cacal (43 taon); support services manager Romulo Relevo (23 taon) at bookkeeper Maria Ninez Guañizo (43 taon).

Hinatulan din ang anim na dating opisyal ng National Livelihood Development Corporation (NLDC) na sina ex-president Gondelina Amata, director Emmanuel Sevidal at Chita Jalandoni, asset management division chief Gregoria Buenaventura, chief budget specialist Ofelia Ordoñez at chief financial analyst Sofia Cruz, na pinatawan ng 84 pagkabilanggo bukod kay Cruz na hinatulan ng 34 na taon.

Mula sa isa pang defunct GOCC na Technology Resource Center (TRC), hinatulan din sina deputy director general Dennis Cunanan, na pinatawan ng maximum na 27 taong jail term; group manager Maria Rosalinda Lacsamana (43 taon); chief accountant Marivic Jover (16 na taon); at budget officer Consuelo Espiritu (43 taon).

Napatunayan ding guilty sina Flerida Alberto, president ng abuhayan at Kalusugang Alay sa Masa Foundation Inc. (KKAMFI) at Pio Ronquillo, na staff ng Aaron Foundation Philippines Inc. (AFPI), at inutsang mabilanggo ng 110 at 43 taong.

Ang kasong isnampa laban sa mga nahatulan ay nag-ugat mula sa reklamong isinumite sa Tanggapan ng Ombudsman noong Hulyo 2016 para sa 18 bilang ng paglabag sa Section 3 (e) ng Republic Act No. 3019, o ang Antigraft and Corrupt Practices Act; 11 bilang ng malversation through falsification; at pitong bilang ng malversation para sa sinasabing diversion ng PDAF funds sa mga ghost government program.

VOL.I NO.48 * HULYO 8-14, 2024

Publiko iP NEWS PUBLISHING

PUBLIKO NEWS PUBLISHING IS A WEEKLY NEWSPAPER IN GENERAL CIRCULATION, PUBLISHED EVERY MONDAY.

PUBLIKO NEWS PUBLISHING accepts contributions from anyone who may want to share their opinions, stories, experiences and other interesting matters.

All articles submitted to PUBLIKO NEWS PUBLISHING are those of author's opinions and do not constitute our endorsement nor reflect the views of the Publisher. Email us at publiko.news@gmail.com

PUBLIKO NEWS PUBLISHING does not warrant or assume any expressed therein by the authors, writers or contributors. All articles are subject to editing to comply with the editorial policies and directions of this publication.

Materials here may not be reproduced, copied in any form of by any means without written permission from the Publisher.

The opinions and ideas expressed by the writers or contributors do not reflect the opinion of this publication and its management.

## Wika ng Diyos

**Huwag kayong mangagbubulaan sa isa't isa; yamang hinubad na ninyo ang datihang pagkatao pati ng kaniyang mga gawa.**

– Mga Taga-Colosas 3:9

# MGA INFRA PROJECT NG ADMINISTRASYONG MARCOS JR. SUPORTADO NG SOUTH KOREA



**INTRAMUROS, Maynila — Nangako ng suporta ang South Korea sa mga proyekto pang-imprastraktura ditto sa Pilipinas sa isinagawang coordination meeting sa pagitan ng mga opisyal ng pamahalaan at kinatawan ng nasabing bansa sa Bayleaf Hotel sa Intramuros.**

Nagpulong ang dalawang grupo sa layuning isusulong ang Laguna Lakeshore Road Network (LLRN) Project – Phase I at iba pang mga Infrastructure Flagship Projects (IFPs) sa ilalim ng programang Build Better More ng administrasyon ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr.

Kasama sa mga dumalo sa coordination meeting sina public works and highways senior undersecretary Emil Sadain at director Jiyoung Choi mula sa Ministry of Economy and Finance ng Republic of Korea.

Ayon kay Sadain, mahalagang hakbang ang isinagawang pagpupulong dahil magpapatibay ito sa bilateral cooperation na isinusulong sa pagitan ng Pilipinas at South Korea at gayun din sa pagkakaroon ng strategic partnership at funding support from Export–Import Bank of Korea (KEXIM) para sa LLRN Project – Phase I, partikular na sa 7.94-kilometer contract package I na mag-uugnay sa Lower Bicutan sa Alabang. ***(Ric Sakai III)***

# MGA ABANDONADONG BALIKBAYAN BOX PINAPAKUHA NA NG BOC

**SANTO DOMINGO, Lungsod Quezon — Mahigit dalawang daang mga 'balikbayan' boxes ang nananatiling nakaimbak sa isang warehouse sa Santa Ana, Maynila at ito ang ipinapanawagan ng Bureau of Customs (BoC) sa mga Overseas Filipino Workers (OFW) at kanilang mga pamilya na kunin na upang matanggap ng mga kinauukulan.**

Ayon sa BoC, nasa 294 unclaimed balikbayan boxes na ipinadala sa Pilipinas noong pang 2023 ang hindi pa kinukuha kaya nais ng ahensya nan a maipamahagi na ang mga ito sa mga pamilyang naghihintay ng mga padala mula sa kanilang mga kamaganak nanagtatrabaho sa ibang bansa.

Ayon pa sa Customs, dumating ang mga balikbayan boxes sa Pilipinas mula sa Kuwait noon pang Pebrero 12, 2023 subalit nakatiwangwang lang ang mga ito dahil walang mga claimant na nagpupunta para kunin ang mga nasabing kahon.

Ang mga kahon na identified na nakapaloob sa Bill of Lading numbers ONEYKW1TA1994400, ONEYKW1TA1968500, ONEYKW1TA1998800 at naka-consign sa Mediacom Express Cargo at Pinoy Network Cargo WLL, ay dumating sa bansa mula Kuwait noong February 12, 2023, subalit sa kasamaang-palad ay inabandona ang mga ito ng forwarder matapos makolekta ang bayad mula sa ibang bansa.

Umabot na umano sa 10,084 mga package ang nai-deliver ng BoC, na kung saan pinakahuli rito ang 450 na naipamahagi mula sa mga inabandona ng mga forwarder.

Maaari namang alamin ng mga OFW at kanilang pamilya ang mga unclaimed balikbayan box sa BoC website na https://customs.gov.ph/notice-to-claim-abandoned-balikbayan-boxes-consigned-to-mediacom-express-cargo-and-pinoy-network-cargo/.

Para ma-claim ang mga balikbayan boxes, kinakailangan dalhin ng recipients ang mga sumusunod na dokumento: passport ng Sender (original o photocopy); isang valid government-issued ID (original o photocopy); proof of shipping gaya ng invoice, o bill ng lading (original o photocopy).

Samantala, ang mga kukuha ng balikbayan boxes sa ngalan ng ibang tao ay kinakailangang magdala ng karagdagang requirements na notarized authorization letter o special power of attorney at valid ID ng representative. ***(Karin Ceara Cabrera-Sakai)***

# BAGUHAN PERO PALABAN SI YEN DURANO

**MATANGKAD at may seksing pangangatawan kaya puwedeng-puwede ang baguhang Vivamax star na si Yen Durano na maging isang beauty queen.**

Subalit mas nais ng dalaga na pumasok sa showbiz kaya pinili ni Yen ang maging artista kaysa magkaroon ng korona at titulo sa pagandahan.

Aniya, "Actually, ang daming nagsasabi (na puwede akong sumali sa beauty pageants). I don't know why. Feeling ko dito talaga ako. I am for the arts."

Very articulate si Yen nang makapanayam namin sa launching ng kanyang pelikulang 'Litsoneras'.

Tinanong namin ang kanyang educational background, at simpleng tugon ang binitawan ng dalaga: "I went to Miriam College in high school and took up Communication Arts at University of Santo Tomas. I consume a lot of western media kaya ganito ako magsalita. I did basketball in high school. I have an active lifestyle."

Nang tanungin naman kung ano ang reaksyon ng kanyang mga magulang sa pagpapaseksi niya bilang Vivamax star, chinika ni Yen na kasama niya ang kanyang mother sa presscon.

"First time ko siyang maimbitahan. 'Panoorin mo ito. Siyempre, launching movie ko ito. The other night we had dinner. We talked about this. 'Wag kang magulat, ha, sabi ko. Pero sinabi niya sa akin na pinanood na niya iyong mga past (movies) ko. Iyong totoo? Naiyak daw siya." Naging emosyonal na si Yen.

"I know it's not easy Ma, but we're gonna think long term na lang kasi alam kong may maidudulot naman itong mabuti sa atin. Trust me. I enjoy na sinusuportahan mo pa rin ako kahit labag sa loob mo." ***(Genesis Pedrozo)***




Ang pahayagang ito ay tumatanggap ng mga Pampublikong Anunsiyo, maari lamang mag-email sa publiko.news@gmail.com